# Ang Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Komite sa Kalusugan at Kaligtasan

Mahalaga ang kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho sa pagpapanatili ng ligtas at produktibong kapaligiran. Mahalaga ang ginagampanang tungkulin ng Komite sa Kalusugan at Kaligtasan sa pagsusumikap na ito, pinagsasama-sama ang mga kinatawang itinalaga ng employer at pinili ng empleyado para tugunan ang mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan, bumuo ng mga programa sa pag-iwas at subaybayan ang mga panganib sa lugar ng trabaho. Tinitiyak ng kanilang istraktura, mga responsibilidad at mga alituntunin sa pagpapatakbo ang nagtutulungang mga pagsusumikap para isulong ang ligtas na lugar ng trabaho.

*Sino ang nangangailangan ng Komite sa Kalusugan at Kaligtasan?*
Anumang lugar ng trabaho na mayroong 20 o mahigit pang empleyado.

*Kailan naaangkop na magkaroon ng Kinatawan sa halip na Komite sa Kalusugan at Kaligtasan?*
Anumang lugar ng trabaho na pinamamahalaan ng pederal na mayroong 19 o mas kaunting mga empleyado, at anumang lugar ng trabaho na may 5-19 na empleyado na pinamamahalaan ng lalawigan.

*Sino ang kabilang sa Komite sa Kalusugan at Kaligtasan?*
Ang komite sa kalusugan at kaligtasan ng lugar ng trabaho ay binubuo ng hindi bababa sa dalawang tao (pederal), o apat na tao (panlalawigan). Sila ay pinili o boluntaryo, alinsunod sa kondisyon na hindi bababa sa kalahati ng mga miyembro ng komite ay mga empleyado na walang mga tungkulin sa pamamahala.

Inirerekomendang magkaroon ng mga kinatawan mula sa iba't ibang departamento, halimbawa:



- Mga Manggagawa sa Bakuran
- Mga Manggagawa sa Shop
- Mga Driver
- Mga manggagawang madaling masaktan sa trabaho
- kawani sa opisina na hindi namamahala

Halimbawa ng balanseng Komite sa Kalusugan at Kaligtasan:

- Operations Manager – Co-Chair ng Employer
- Shop Supervisor – Employer
- Dispatcher – Employer
- Driver – Co-Chair ng Empleyado
- Bagong Driver – Empleyado (manggagawang madaling masaktan sa trabaho)
- Driver – Empleyado
- Mekaniko – Empleyado
- Receptionist – Empleyado

Pinipili ang ma miyembro ng komite para sa dalawang taong termino (o haba na nakatakda sa konstitusyon). Maaaring magpatuloy na manungkulan ang mga miyembro hanggang sa muling italaga o piliin, o hanggang sa magtalaga o pumili ng kapalit.

*Ano ang ginagawa ng Komite?*
Ang mga responsibilidad ng komite ay:

- isaalang-alang at mabilis na alisin ang mga reklamo sa kalusugan at kaligtasan;
- lumahok sa pagbuo, pagpapatupad at pagsubaybay ng mga programa para maiwasan ang mga panganib sa lugar ng trabaho, kasama ang mga panganib na may kaugnayan sa ergonomic, kung walang komite ng patakaran sa organisasyon;
- lumahok sa lahat ng pagtatanong, imbestigasyon, pag-aaral at mga inspeksyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado;
- lumahok sa pagpapatupad at pagsubaybay ng programa para sa probisyon ng personal na kagamitang pamproteksyon, damit, device o mga materyal, at, kung walang komite ng patakaran, lumahok sa pagbuo ng programa;
- magpanatili ng sapat na mga rekord ng mga aksidente sa trabaho, mga pinsala, mga panganib sa kalusugan, mga reklamo sa kalusugan at kaligtasan at palaging subaybayan ang data na ito;
- makipagtulungan sa mga opisyal sa kalusugan at kaligtasan;
- lumahok sa pagpapatupad ng mga pagbabago na maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, kasama ang mga proseso at pamamaraan sa trabaho, at, kung walang komite ng patakaran, lumahok sa pagpaplano ng pagpapatupad ng mga pagbabagong iyon;

- tulungan ang employer sa pag-iimbestiga at pag-assess ng pagkakalantad ng mga empleyado sa mapanganib na mga substance;
- inspeksyunin bawat buwan ang lahat o ang bahagi ng lugar ng trabaho, at nang sa gayon, masisiyasat ang bawat bahagi ng lugar ng trabaho nang kahit isang beses sa isang taon;
- lumahok sa pagbuo ng mga programa at patakaran sa kalusugan at kaligtasan, kung walang komite ng patakaran sa organisasyon;
- lumahok sa pagbuo, pagpapatupad at pagsubaybay ng patakaran sa pag-iwas sa karahasan sa lugar ng trabaho, kung walang komite ng patakaran sa organisasyon.

*Ano ang dokumentong "Mga Tuntunin ng Reference"?*


Ang dokumentong mga tuntunin ng reference ay parang listahan ng mga patakaran at inaasahan para sa komite sa kalusugan at kaligtasan. Nakalista rito ang mga detalye tungkol sa:

- Komposisyon ng komite
- Pagpili ng mga miyembro ng komite
- Mga termino ng kung gaano katagal maglilingkod sa komite ang mga miyembro
- Mga responsibilidad ng mga co-chair
- Allowance at kompensasyon sa pagsasanay
- Mga aktibidad ng komite gaya ng tinukoy ng lehislasyon
- Schedule ng pagpupulong para sa komite
- Mga pamamaraan sa pagpupulong kasama ang quorum, mga pinag-usapan at pamamahala ng mga inaasahan ng miyembro

*Gaano kadalas nagpupulong ang komite?*

Ang mga Komite sa Kalusugan at Kaligtasan ng lugar ng trabaho na pinangangasiwaan ng pederal ay kailangang magpulong nang siyam na beses sa isang taon nang regular at sa regular na mga oras ng trabaho.

Ang mga Komite sa Kalusugan at Kaligtasan ng lugar ng trabaho na pinangangasiwaan ng lalawigan ay kailangang magpulong nang kahit 4 na beses sa isang taon (tuwing tatlong buwan).



**Meeting Agenda**

Attendees: Helbe Sokk, Jessie Irwin, Allan Mattsson, Chanchal Sharma

I. **CALL TO ORDER**

Chanchal Sharma called to order the regular meeting of the Homeowner's Association at 2:00 PM on January 16th.

II. **ROLL CALL**

Chanchal Sharma conducted a roll call. The following persons were present: Helbe Sokk, Jessie Irwin, Allan Mattsson, Chanchal Sharma

III. **APPROVAL OF MINUTES FROM LAST MEETING**

Chanchal Sharma read the minutes from the last meeting. The minutes were approved as read.

IV. **OPEN ISSUES**

a) Review Monthly Inspection
b) Upcoming Maintenance Audit interviews
c) Safe Work Procedure training

V. **NEW BUSINESS**

a) Thanksgiving Potluck and Safety Recognition
b) Air Quality Testing Due
c) Review of Winter Weather Hazards and update training

VI. **ADJOURNMENT**

Chanchal Sharma adjourned the meeting at time.

Minutes submitted by: Jessie Irwin

Minutes approved by: Chanchal Sharma

**Location:** Clubhouse
**Date:** 1/16/23
**Time:** 2:00 PM

RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

*Anu-anong mga item ang itinatala sa mga pinag-usapan sa pagpupulong?*

Dapat itala ang mga napag-usapan sa bawat pagpupulong. Maaaring kasama sa mga napag-usapan ang:

- oras at petsa ng pagpupulong,
- sino ang dumalo (isama ang mga pangalan at apelyido at ang kanilang tungkulin halimbawa: kinatawan ng manggagawa, kinatawan ng employer, may natatanging espesyalidad,
- mga tinalakay na bagay (mga report, problema, istatistika, edukasyon),
- mga dahilan para sa mga rekomendasyon (at nasabi ang mga salungat na dahilan),
- mga rekomendasyon (tinutukoy kung sino ang gumawa at kailan ginawa ang aksyon),
- oras at petsa ng susunod na pagpupulong.

Sa lalong madaling panahon na magagawa pagkatapos ng bawat pagpupulong ng komite, dapat ibigay ang mga napag-usapan sa parehong mga chairperson para aprubahan at pirmahan nila. Pagkatapos matanggap ang kopya ng mga napag-usapan, gagawa ng kopya ang kumpanya na ibibigay kaagad sa mga empleyado.

Ang mga napag-usapan sa mga nakaraang pagpupulong ay kapaki-pakinabang na mga pinagkukunan ng impormasyon dahil maaaring magpakita ang mga ito ng mga takbo sa proseso at masasabi ang mga problema na kailangang mas siyasatin, ang pagsasanay ng mga bagong miyembro ng komite, o ang pagpapasya sa mga paksa sa pagsasanay sa kaligtasan. Ang haba ng oras na pananatilihin ang mga ito ay maaaring mag-iba ayon sa dalas ng mga pagpupulong at iba pang dahilan, pero iminumungkahi ang pinakamababang dalawang taon. Sa ilang mga kaso, ang hurisdiksyon ay mayroong kinakailangang panahon ng pagpapanatili.

***Ang mga Kumpanyang Pinangangasiwaan ng Pederal ay dapat kumpleuthin ang Ulat ng Komite sa Lugar ng Trabaho at isumite ito sa pederal na gobyerno nang hindi lalampas sa ika-1 ng Marso ng bawat taon.***

Ang Komite sa Kalusugan at Kaligtasan ay mahalaga sa paglinang ng kultura ng kaligtasan sa lugar ng trabaho, tinitiyak ang kalusugan at kapakanan ng mga empleyado sa pamamagitan ng maagap na mga inisiyatiba at patuloy na pagsubaybay. Sa pagsunod sa mga tuntunin ng reference na malinaw na tinukoy, palagiang pagpupulong at pagdodokumento ng kanilang gawa sa mga detalyadong napag-usapan, tinitiyak ng komite ang pagiging malinaw, pananagutan at patuloy na pagpapabuti ng mga pamantayan ng kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Kailangan ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM! Ang kursong Komite sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho at Kinatawan sa Kaligtasan at Kalusugan ng Manggagawa ay natutugunan ang mga kinakailangan sa pagsasanay pati rin ang mga pamantayan sa Sertipikadong Pagsasanay para sa SAFE Work para sa mga kinatawan sa kalusugan at kaligtasan at mga miyembro ng komite.


Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5